

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-8 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 PEBRERO 2000, IKA-9.15 NG UMAGA SA BUI WAGANG PULUNGAN NG BARANGAY CANTIL.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Batcos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Baulista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia	- Pangulo, Sangguniang Kabataan


Hindi Nakadalo: Wala

KAPASYAHAN BLG. 018
Taong 2000

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI KAY GNG HELEN B. YASON AT MGA KANAK SA PAGYAO NG KANILANG MINAMAHAL NA MAGULANG, G. GRACIANO BERNAL.

- | | |
|----------|--|
| SAPAGKAT | ang pagpanaw ng isang taong labis na pinagpipitaganan at minemahal lalo pa't ito ay ang haligi ng isang tahanan ay malabis na dinaramdam at ipinamimiglahi ng kanyang mga naiwan; |
| SAPAGKAT | ang pumanaw na ama nina Gng. Helen B. Yason ay isang ulirang ama at asawa na sa buong panahon ng kanyang buhay ay binuo ang isang pamilyang nabubuklod sa pagkakaisa at pagmamahal sa isa't isa; |
| SAPAGKAT | sa kanyang pamamuhubay naimulat niya ang pamilya sa mga magagandang pagpapahalaga at pananaw lungo sa isang payapa at magandang buhay; |
| SAPAGKAT | si G. Graciano Bernal ay nag-alay ng kanyang paglilingkod hindi lamang sa kanyang mag-anak kundi gayundin sa kanyang bayan na pinaglingkuran niya bilang kasapi ng gerilyang USAFFE noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig; |
| SAPAGKAT | bagama't siya ay kinuha na ng Poong Maykapal, ang kanyang mga magagandang alaala at mga kabutihan sa kapwa ay mananatiling nakaukit sa puso at kalsipan ng kanyang mga naiwan, lalo't higit sa kanyang pamilya; |
| SAPAGKAT | pinagkaisahan ng Sangguniang Bayan ng bayang ito na ipaabot ang kanilang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati sa pamilya ni G. Graciano Bernal sa |







pamamagitan ng kanyang anak, Gng. Helen B. Yason na isang ka-pamilya sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.


DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taugpusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng pamunuan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro kay Gng. Helen B. Yason at mga kaanak sa pagpanaw ng kanilang minamahal na magulang, G. Graciano Bernal.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya ng namayapang G. Graciano Bernal sa pamamagitan ni Gng. Helen B. Yason lakip ang taugpusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat. Pebrero 28, 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN.


GONZALO C. BIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

merz/